## Resolusyong amyendahan ang SEIU Constitution Article XIII

Kung saan: Ang SEIU at Mga Lokal nito ay naniniwala sa pagiging patas, at katarungan;

Kung saan: Ang lahat ng Miyembro ay dapat magkaroon ng makabuluhang boses sa mga pasyang kumakatawan sa kanila;

Kung saan: Ang lahat ng Miyembro ay dapat bigyang-kaalaman, at hikayatin, hindi parusan sa pinansyal na paraan;

Kung saan: Ang SEIU ay kasalukuyang nakakatanggap ng $7.65 bawat Miyembro bawat buwan sa lahat ng bayaring kinokolekta ng Mga Lokal;

Kung saan: Sa kasalukuyan, ang lahat ng Lokal ay dapat makakolekta ng karagdagang $6.00 bawat Miyembro taon-taon upang suportahan ang kabuuang pulitikal, pang-edukasyong programa at programa ng pagkilos ng SEIU;

Kung saan: Kung hindi natutugunan ng isang Lokal ang “kinakailangang taunang obligasyon,” sisingilin sa Lokal ang balanseng hindi pa nababayaran, pati ang 50% ng nasabing obligasyon;

Kung saan: Pinaparusahan nito ang LAHAT ng Miyembro ng Lokal na Unyon dahil hindi binabayaran ng ilan ang kanilang nararapat na bahagi;

Kung saan: Hindi ito patas o makatarungan;

Kung saan: nilalabag ng multa ng SEIU na ito ang pederal na batas na nagbabawal sa paggamit ng mga bayarin ng mga miyembro ng mga Lokal para sa pederal at pulitikal na aktbidad, at nilalabag nito ang mga konstitusyon ng Mga Lokal;

Samakatuwid, napagpasyahan ang sumusunod: Sa Article XIII, Section 18(a) ng SEIU Constitution, aalisin ang mga sumusunod na salita sa huling pangungusap, “pati ang 50% o ang iba pang nasabing halagang tinukoy ng Pandaigdigang Lupong Pang-ehekutibo.”

Epekto ng piskal: wala

Joe Donahue
NYS Public Employees Federation -- SEIU Local 4053
PEF Council Leader Division 190 Department of Tax & Finance
PEF Executive Board Seat 487
NYS Dept. of Taxation and Finance